# Mga Kontribyutor

Si **Aldwin B. Amat** ay nagtapos ng mga karunungang Bachelor of Arts-Psychology sa Holy Infant College, Tacloban City; Batsilyer ng Edukasyong Pansekundarya at Master of Arts in Teaching Filipino sa Leyte Normal University, Tacloban City. Natapos niya ang Doktor ng Pilosopiya sa Filipino na may karangalan bilang Most Outstanding Graduate Student-2020 sa Bicol University. Siya ay nagtuturo ng mga batayan at pandalubhasaang asignatura sa Leyte Normal University at may ranggong Associate Professor 2. Kasalukuyan siyang review master sa General Education-Filipino at sa mga asignaturang pangwika at pampanitikan sa medyor. Sanhi ng kaniyang mataas napagpapahalaga at pagsikhay sa pananaliksik, na nakatuon sa mga etnograpiyang pag-aaral ng Leyte at Samar, naging research awardee siya sa dalawang magkasunod na taon. Nakapaglathala at nakapagpresenta na siya ng mga saliksik-etnograpiya sa national at international refereed na dyornal.

Si **Jovert R. Balunsay** ay isang Licensed Professional Teacher at Associate Professor V ng Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes, Kolehiyo ng Humanidades at Agham Panlipunan. Nagtapos siya ng kursong Batsilyer ng Edukasyong Pansekundarya, Medyor sa Filipino bilang Cum Laude. Sa parehong pamantasan, natamo niya ang titulong Master sa Filipino bilang Outstanding Graduate at Doktor ng Pilosopiya sa Filipino bilang Most Oustanding Graduate. Siya ay nagwagi na ng samot-saring parangal sa larangan ng pagtuturo at pananaliksik kagaya ng Ulirang Guro sa Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2017, Uswag Award 2016 hanggang 2022, Gawad Pagtuturong May Alab at Talino 2019, Most Outstanding Teachers of Albay 2012, at napakarami pang iba. Siya ay aktibo sa larangan ng pananaliksik, pamamahayag, pagsasalin, at pagsulat ng malikhaing akda. Kasalikuyan siyang direktor ng Sentro ng Wika at Kultura ng kanilang pamantasan.

Si **Catherine C. Cocabo** ay nagtapos sa kursong Bachelor of Secondary Education, major in Filipino sa Philippine Christian University-Manila. Natamo niya ang kanyang MA sa Pagtuturo ng Filipino sa Philippine Christian University-Manila. Kasalukuyang kumukuha ng digring Doktor ng Pilosopiya sa Araling Filipino – Wika, Kultura, Midya sa De La Salle University Manila. Mayroon ng dalawampu't pitong taon sa pagtuturo at sa kasalukuyan ay nagtuturo siya sa University of Santo Tomas ng mga asignaturang Filipino. Kasalukuyang Katuwang na Propesor 2 sa Unibersidad ng Santo Tomas Departamento ng Filipino. Itinanghal na Most Outstanding Assistant Professor - Gawad Santo Tomas noong Marso 25, 2015 sa University of Santo Tomas . Siya ay kasalukuyang kasapi ng Pampelikulang Samahan ng mga Dalubguro (PASADO ), Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Inc. ( PSLLF, Inc.), Sanggunian sa Filipino ( SANGFIL ), HAMAKA, PILIPINAS,Ink ( HAMPIL ). Naglilingkod sa bayan bilang Go Negosyo mentor hanggang sa kasalukuyan.

Si **Billy N. De Guzman** ay nagtapos ng Batsilyer sa Sining sa Agham Pampolitika sa Far Eastern University – Manila noong 2009. Kumuha at nagtapos ng Master sa Sining sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle – Manila noong 2018. Kasalukuyang nagtuturo

Copyright © 2023 by De La Salle University

sa parehong Pamantasan at sa Unibersidad ng Santo Tomas sa ilalim ng Departamento ng Filipino bilang Part-Time Fakulti. Kasalukuyang kumukuha ng Doktorado sa kursong Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle – Manila.

Si **Jay Israel B. De Leon** ay tubong Pandi, Bulacan. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng mga asignatura sa humanidades at agham panlipunan sa senior high school. Nagtapos siya ng Bachelor of Arts in History sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman noong 2018 at nagkamit ng karangalang magna cum laude. Noong Pebrero 2022, nagtapos naman siya ng Master ng Sining sa Araling Filipino-Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle-Maynila. Ginawaran siya ng Gold Medal for Outstanding Masters Thesis para sa kaniyang hermeneutikong pag-aaral hinggil sa mga buhay at ideya ng tatlong Pilipinong lingguwista. Kabilang sa mga interes niya sa pananaliksik ang kasaysayang intelektuwal, pagpaplanong pangwika, araling pagsasalin, at biograpikal na pananaliksik.

Si **Lyra Erielle D. Ilagan** ay isang mag-aaral sa Kolehiyo ng Narsing ng Unibersidad ng Santo Tomas. Isinagawa niya ang pananaliksik na pinamagatang *"Pasmado, Kailangan Bang Mangamba?": Pagdalumat sa Salitang "Pasma" Bilang Isang Konseptong Pilipino* bilang pinal na kahingian sa asignaturang Kontekstuawalisadong Komunikasyon sa Filipino sa ilalim ng pangangasiwa ni G. Ian Mark P. Nibalvos. Si Bb. Ilagan ay nagkamit ng karangalan bilang *Cum Laude* at nakapagtapos na ng kursong Narsing noong Hunyo 2022 at nakapasa na rin sa *Philippine Nursing Licensure Examination* (PNLE) na isinagawa noong Nobyembre 2022. Sa kasalukuyan, siya ay nagtatrabaho na sa Asian Hospital and Medical Center.

Si **Shaina Mae S. Junio** ay isang mag-aaral sa Kolehiyo ng Narsing ng Unibersidad ng Santo Tomas. Isinagawa niya ang pananaliksik na pinamagatang *"Pasmado, Kailangan Bang Mangamba?": Pagdalumat sa Salitang "Pasma" Bilang Isang Konseptong Pilipino* bilang pinal na kahingian sa asignaturang Kontekstuawalisadong Komunikasyon sa Filipino sa ilalim ng pangangasiwa ni G. Ian Mark P. Nibalvos. Si Bb. Junio ay nagkamit ng karangalan bilang *Cum Laude* at nakapagtapos na ng kursong Narsing noong Hunyo 2022 at nakapasa na rin sa *Philippine Nursing Licensure Examination* (PNLE) na isinagawa noong Nobyembre 2022.

Si **J Owen V. Lebaquin** ay isang mag-aaral sa Kolehiyo ng Narsing ng Unibersidad ng Santo Tomas. Isinagawa niya ang pananaliksik na pinamagatang *"Pasmado, Kailangan Bang Mangamba?": Pagdalumat sa Salitang "Pasma" Bilang Isang Konseptong Pilipino* bilang pinal na kahingian sa asignaturang Kontekstuawalisadong Komunikasyon sa Filipino sa ilalim ng pangangasiwa ni G. Ian Mark P. Nibalvos. Siya ang napiling kinatawan ng mga mananaliksik at kaniyang iprinesenta ang kanilang ginawang papel sa Sesyong Paralel sa Suri, Saliksik, Sanay 4: Pambansang Seminar-Worksyap sa Wika at Panitikan 2020 na ginanap noong Nobyembre 25-28, 2020. Si G. Lebaquin ay nagkamit ng karangalan bilang *Magna Cum Laude* at nakapagtapos na ng kursong Narsing noong Hunyo 2022 at nakapasa na rin sa *Philippine Nursing Licensure Examination* (PNLE) na isinagawa noong Nobyembre 2022. Siya rin ay itinanghal na isang *topnotcher* at napabilang sa nakakuha ng ika-anim *(89.00%)* na pwesto sa nasabing PNLE.

Si **Napoleon M. Mabaquiao, Jr.,** ay isang Full Professor sa Departamento ng Pilosopiya ng Pamantasang De La Salle, Maynila. Dati siyang nanilbihan bilang Tagapangulo ng naturang departamento. Sa kasalukuyan, tumatayo siyang Graduate Program Coordinator ng departamentong ito. Ang mga larangan na kanyang pinagkakadalubhasaan ay pilosopiya ng wika, pilosopiya ng isip, at etika. Siya ay aktibo sa pagsulong sa paggamit ng wikang Filipino sa mga pananaliksik sa pilosopiya. Kaugnay nito, may bago siyang aklat na nakasulat sa wikang Filipino, na pinamagatang *Ang Mabuting Kita: Mga Isyu ng Etika sa Negosyo,* na inilathala ng DLSU Publishing House sa taong 2022.

Si **Portia Marie G. Maglalang** ay isang mag-aaral sa Kolehiyo ng Narsing ng Unibersidad ng Santo Tomas. Isinagawa niya ang pananaliksik na pinamagatang

"Pasmado, Kailangan Bang Mangamba?": Pagdalumat sa Salitang "Pasma" Bilang Isang Konseptong Pilipino bilang pinal na kahingian sa asignaturang Kontekstuawalisadong Komunikasyon sa Filipino sa ilalim ng pangangasiwa ni G. Ian Mark P. Nibalvos. Si Bb. Maglalang ay nagkamit ng karangalan bilang Cum Laude at nakapagtapos na ng kursong Narsing noong Hunyo 2022 at nakapasa na rin sa Philippine Nursing Licensure Examination (PNLE) na isinagawa noong Nobyembre 2022.

Si **Stefhanie Joyce N. Manganti** ay isang mag-aaral sa Kolehiyo ng Narsing ng Unibersidad ng Santo Tomas. Isinagawa niya ang pananaliksik na pinamagatang "Pasmado, Kailangan Bang Mangamba?": Pagdalumat sa Salitang "Pasma" Bilang Isang Konseptong Pilipino bilang pinal na kahingian sa asignaturang Kontekstuawalisadong Komunikasyon sa Filipino sa ilalim ng pangangasiwa ni G. Ian Mark P. Nibalvos. Si Bb. Manganti ay nagkamit ng karangalan bilang Cum Laude at nakapagtapos na ng kursong Narsing noong Hunyo 2022 at nakapasa na rin sa Philippine Nursing Licensure Examination (PNLE) na isinagawa noong Nobyembre 2022.

Si **Rashel Lidia T. Mariano** ay isang mag-aaral sa Kolehiyo ng Narsing ng Unibersidad ng Santo Tomas. Isinagawa niya ang pananaliksik na pinamagatang "Pasmado, Kailangan Bang Mangamba?": Pagdalumat sa Salitang "Pasma" Bilang Isang Konseptong Pilipino bilang pinal na kahingian sa asignaturang Kontekstuawalisadong Komunikasyon sa Filipino sa ilalim ng pangangasiwa ni G. Ian Mark P. Nibalvos. Si Bb. Mariano ay nagkamit ng karangalan bilang Cum Laude at nakapagtapos na ng kursong Narsing noong Hunyo 2022 at nakapasa na rin sa Philippine Nursing Licensure Examination (PNLE) na isinagawa noong Nobyembre 2022. Sa ngayon, siya ay nagtatrabaho na sa St. Luke's Medical Center - Quezon City. Bilang isang mananaliksik, nakapaglathala si Bb. Mariano ng kanilang papel na pinamagatang "Characterizing Effective Teaching in Nursing Pharmacology Youtube Videos: A Mixed Methods Study" sa Nurse Education Today, at nakapagpresenta sa 17th Annual Clinical Nursing Research Conference 2022 ng Cleveland Clinic noong Abril ng 2022 gayundin sa 14th Manila Doctors College of Nursing Research Congress 2022 noong Mayo 2022.

Si **Johnrose E. Mercadero** ay isang mag-aaral sa Kolehiyo ng Narsing ng Unibersidad ng Santo Tomas. Isinagawa niya ang pananaliksik na pinamagatang "Pasmado, Kailangan Bang Mangamba?": Pagdalumat sa Salitang "Pasma" Bilang Isang Konseptong Pilipino bilang pinal na kahingian sa asignaturang Kontekstuawalisadong Komunikasyon sa Filipino sa ilalim ng pangangasiwa ni G. Ian Mark P. Nibalvos. Si Bb. Mercadero ay nakapagtapos na ng kursong Narsing noong Hunyo 2022 at nakapasa na rin sa Philippine Nursing Licensure Examination (PNLE) na isinagawa noong Nobyembre 2022. Si Bb. Mercadero din ay lumahok gamit ang kanilang papel na "Making Knowledge Palatable: Characterizing Didactic Transposition in Educational YouTube Videos Using Content Analysis" sa Philippine eLearning Society Conference na ginanap noong Mayo ng 2021.

Si **Ian Mark P. Nibalvos** ay guro ng Filipino sa Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST). Nakapagtapos siya ng masteradong kurso sa Filipino sa Pamantasang De La Salle – Dasmariñas at kasalukuyang kumukuha ng kursong Doktor ng Pilosopiya sa Araling Pilipinas sa Tri-College ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Isa siyang mananaliksik at tagasalin. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ay mga paksang may kinalaman sa Panitikang Waray o Panitikan ng Pilipinas, kritisismong pampanitikan, kultura, identidad, wika. Ang ilan sa kaniyang mga papel-pananaliksik ay nailathala na sa iba't ibang journal tulad ng *"Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian, Silangang Samar"* sa Bannag: A Journal on Local Knowledge ng University of Saint Louis, Lungsod Tuguegarao noong 2018; *"An mga Siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, Kasaysayan, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan,"* sa Malay ng De La Salle University – Manila noong 2018; *"An San Juliananon: Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday Tungo sa Pagbubuo ng Kaakuhang Pilipino,"* sa Hasaan: Ang Opisyal na Journal sa Filipino ng UST noong 2019; *"Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan*

*sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa"* sa Malay noong 2019; at *"Ugnayan ng mga Ugnayan: Ang Pag-usbong ng Ekokritisismo Bilang Batayang Kaisipan sa Panunuring Pampanitikan"* sa Hasaan Journal noong 2020. Naging bahagi rin siya ng proyektong *"Wow Filipino"* ng Vibal Publishing, serye ng teksbuk sa Filipino para sa Junior High School. Napabilang din siya bilang research fellow *sa 2nd International Writing Fellowship for Social Health Studies* ng Research Center for Social Sciences and Education 2020 ng UST, Nagoya University & Access Health International at PALIHAN: PSLLF-Kawing Journal Writeshop 2021 ng Pambansang Samahan sa Lingguwistika at Literaturang Filipino, Ink (PSLLF). Sa kasalukuyan, siya ay miyembro ng Lupon ng mga Tagasalin ng UST Sentro ng Salin at Araling Salin at tagapamahalang editor ng Hasaan Journal.

Si **Susan M. Tindugan** ay propesor sa Filipino ng College of Humanities and Social Sciences, Departamento ng mga Wika. Natapos niya ang kursong Bachelor of Science in Education, major sa Filipino sa Pampamahalaang Kolehiyo ng Catanduanes ( dating Catanduanes State Colleges). Sa parehong Pamantasan niya rin natamo ang titulong Master of Arts in Education, major in Administration and Supervision. Ang kanyang titulong Doktor ng Pilosopiya sa Filipino ay natapos niya sa Pamantasan ng Bikol, Paaralang Gradwado. Siya ay nagging koordineytor ng Civic Welfare Training Service (CWTS) sa loob ng 5 taon. Sa kasalukuyan siya puno ng Departamento ng mga Wika ng Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes at may ranggong Associate Professor V. Aktibo rin siyang tagapanayam sa iba't ibang gawaing pangwika, direktor ng mga seminar sa paaralan, LET Reviewer at mananaliksik.

# Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay

Isyu para sa Buwan ng Hunyo 2023, Tomo XXXVI, Blg. 2

## Tunguhin

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaryong journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle–Manila (DLSU–M) na internationally refereed at abstracted, ay naglalayong maglathala ng mga lathalain tungkol sa mga usapin at dalumat kaugnay ng wika, kultura, at mass media na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Tumatanggap din ng mga sulatin sa Ingles at iba pang wika na isasalin sa wikang Filipino. Tanging ang salin sa Filipino ang ilalathala.

## Detalye ng Paglilimbag

Inililimbag ang *Malay* makalawa isang taon sa pamamahala ng De La Salle University Publishing House ng Pamantasang De La Salle–Manila. Bilang multi/interdisiplinaryong journal, nagtatampok ito ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa Araling Filipino na may tuon sa wika, kultura, at mass media. Ang mga ideya, opinyon, at paninindigan ng mga may-akda ay kanilang pananagutan at hindi sumasalamin sa mga pagkukuro at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

## Proseso ng Pagrerebyu

Ang mga lathalain ay nirerebyu ng mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot at ng iba pang kilalang iskolar sa kani-kanilang disiplina. Ang bawat artikulo ay nirerebyu ng dalawang iskolar. Sa pagkakataong may magkasalungat na pagpapasya ang naturang dalawang rebyuwer, ito ay pagpapasyahan ng mga editor. Ang buong prosesong ito ay isinasagawa nang hindi nalalaman ng may-akda kung sino ang rebyuwer ng kaniyang artikulo, at gayundin, hindi ipinakikilala sa rebyuwer kung sino ang may-akda ng kaniyang nirerebyung artikulo.

Mula rito, muling nirerebyu ng Punong Patnugot ang mga nakapasang lathalain mula sa mga naunang nagrebyu nito. Ang mga lathalaing nangangailangan ng medyor na rebisyon ay ibinabalik sa mga may-akda para sa mga kahingian ng mga rebyuwer. Ang mga may-akda ng mga papel na hindi matatanggap ay padadalhan ng liham na maglalaman ng mga puna at komento ng mga nagrebyu. May karapatan ang mga Patnugot na maging pag-aari ang kopya ng lahat ng papel na ipinasa.

## Detalye ng Pagsusumite

Ang mga papel (riserts, artikulo, rebyu) ay kailangang nakasulat sa Filipino. Sakaling nasa ibang wika, isasalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Kailangang hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon o journal ang mga papel na ipapasa para dito. Isang 200–250 salitang abstrak at limang susing salita, kapuwa nasa wikang Filipino at Ingles, ang hinihiling na kalakip sa papel na may 5,000 hanggang 7,000 salita (20–40 pahina). Ang titulo ng lathalain ay dapat na mayroon ding salin sa wikang Ingles.

Ang papel ay kailangang kompiyuterisado sa maikling bond paper na may isang pulgadang palugit sa lahat ng gilid, doble-espasyo, gamit ang font na Times New Roman at may laking 12-puntos, at maayos na naidokumento gamit ang MLA Seventh Edition.

Kailangang minimal ang mga dulong tala. Kung sakaling may larawan o ilustrasyong bahagi ng submisyon,

ang file ay kailangang nasa format na jpeg. Hinihiling ang malinaw na kopya. Kailangan ding may kapsiyon at karampatang pagkilala sa pinaghiraman o may-ari/may-likha ng larawan/ilustrasyon.

Ang pangalan ng awtor, tirahan, e-mail, at iba pang mahahalagang kontak ay kailangang nakasulat sa hiwalay na papel. Anumang pagkakakilanlan sa identidad ng awtor ay kailangang wala sa manuskrito. Sumulat din ng isa hanggang dalawang talatang bio-note para sa pagkakakilanlan ng may-akda.

Tinatanggap ang mga submisyon sa pamamagitan ng e-mail sa malayjournal@dlsu.edu.ph. Ipadala ang manuskrito at lahat ng kailangan kay Dr. Florentino Timbreza, Punong Editor; Dr. Rowell Madula, Ko-Editor; o kay Dr. Dolores Taylan, Tagapamahalang Editor, sa De La Salle University Publishing House, Yuchengco Hall, Room 601, Pamantasang De La Salle–Manila, 2401 Taft Avenue, Manila. Para sa iba pang impormasyon, maaaring tumawag sa (632) 8524-4611 loc 271 at hanapin si Ms. Joanne T. Castañares.